Mensahe Pito

## Ang Pagkaalam sa Pag-akyat sa Langit

Babasahin sa Kasulatan: Gawa 2:36; Heb. 2:9; 4:14-15; 7:26; 12:2; Efe. 1:19-23; 2:6

**I. Ang pag-akyat sa langit ng Taong-Tagapagligtas ay ang pasinaya sa Kanya tungo sa Kanyang makalangit na katungkulan sa pamamagitan ng proseso ng paglikha, pagkakatawang-tao, pantaong pamumuhay, pagkapako sa krus, at pagkabuhay na muli bilang Diyos at tao, bilang ang Manlilikha at nilalang, at bilang ang Manunubos, ang Tagapagligtas, at ang Espiritung nagbibigay buhay, upang ipatupad ang administrasyon ng Diyos at upang isagawa ang Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos.**

**II. Kailangan nating makita ang obhektibong aspekto ng pag-akyat sa langit ng Panginoon:**

A. Ang pag-akyat sa langit ng Panginoon ay nagsanhi sa Kanya na maputungan ng kaluwalhatian at karangalan—Heb. 2:9:

1. Ang kaluwalhatian ay ang karilagan na may kaugnayan sa persona ni Hesus; ang karangalan ay ang kahalagahan na may kaugnayan sa halaga ni Hesus—1 Ped. 2:7.
2. Si Kristo ay maluwalhati sa kalagayan at may dignidad sa katayuan; Siya ay nasa ibabaw ng lahat ng hari at tagapamuno; ito ang Kanyang karangalan.

B. Ang pag-akyat sa langit ng Panginoon ay nagsanhi sa Kanya na maluklok sa trono para sa administrasyon ng Diyos; sinasabi ng Hebreo 12:2 na si Kristo ngayon ay nakaupo sa kanang kamay ng trono ng Diyos:

1. Ang katotohanan na ang Diyos kay Kristo ay nakaupo sa trono ay nangangahulugang pinamamahalaan ng Diyos ang buong sansinukob mula sa loob ni Kristo at sa pamamagitan ni Kristo, kung paanong sumisinag ang liwanag mula sa loob ng ilawan at sa pamamagitan ng ilawan—Apoc. 22:1, 3; cf. 21:23.
2. Si Kristo ngayon ay nasa trono upang pamahalaan ang buong sansinukob; Siya ang namumukod-tanging Tagapamahala, ang Hari ng mga hari at ang Panginoon ng mga panginoon; Siya ang Tagapamuno ng mga hari sa lupa—1:5; 17:14; 19:16.
3. Ang Kanyang pamamahala ay may kaugnayan sa sansinukob, subalit ang Kanyang pagsasagawa ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos ay ang ipalaganap ang Kanyang sarili para sa Kanyang pagpaparami upang itayo ang ekklesia, ang Kanyang Katawan, na magreresulta sa Bagong Herusalem—cf. Gawa 5:31.

C. "Kaya hayaang malaman nang may katiyakan ng buong sambahayan ni Israel na ginawa Siya ng Diyos na kapwa Panginoon at Kristo itong si Hesus na inyong ipinako sa krus" (2:36); sa bersikulong ito ang salitang *ginawa* ay maaaring maunawaan na nangangahulugang "pinasinayaan"; sa Kanyang pag-akyat sa langit ay pinasinayaan ng Diyos si Kristo sa Kanyang makalangit na ministeryo:

1. The Man-Savior, in His ascension, has been made the Lord to possess all; He is now the Lord to possess the whole universe, God's chosen people, and all positive things, matters, and persons.
2. Ang Taong-Tagapagligtas, sa Kanyang pag-akyat sa langit, ay ginawang Panginoon upang angkinin ang lahat; Siya ngayon ang Panginoon upang angkinin ang buong sansinukob, ang piniling bayan ng Diyos, at lahat ng positibong bagay, pangyayari, at mga tao.

D. Tayo ngayon ay kaisa ni Kristo sa Kanyang pagkabuhay na muli at pag-akyat sa langit (Efe. 2:6); bilang resulta, mayroon tayong buhay at kapangyarihan sa pagkabuhay na muli at awtoridad din sa pag-akyat sa langit; kapag kinakaugnay natin ang ating Panginoon, kailangan tayong magkaroon ng pagkatanto kung ano Siya, isang pagkatanto ng Kanyang katayuan, posisyon, at katungkulan.

## III. Kailangan nating makita ang subhektibong aspekto ng pag-akyat sa langit ng Panginoon—cf. Awit 91:1; A. A. 4:7-8; 6:10:

A. Si Kristo sa Kanyang nangingibabaw sa lahat na pag-akyat sa langit ay nangibabaw sa Hades (kung saan nakakulong ang mga patay), sa lupa (kung saan kumikilos ang mga natisod na tao laban sa Diyos), sa himpapawid (kung saan si Satanas at kanyang kapangyarihan ng kadiliman ay gumagawa laban sa Diyos), at sa buong kalangitan (kung saan maaaring pumunta si Satanas—Efe. 1:20-21; 4:8-10; Heb. 7:26; Job 1:6-12a; 2:1-6).

B. Sa Kanyang pag-akyat sa langit, si Kristo ay dumaan sa kalangitan (Heb. 4:14) kung kaya't ngayon ay hindi lamang Siya nasa langit (9:24) bagkus ay higit na mataas din kaysa kalangitan (7:26), sa kaiba-ibabawan ng buong kalangitan (Efe. 4:10).

C. Inihahayag ng Efeso 1:19-23 na mayroong paghahatid mula sa umakyat sa langit na Kristo tungo sa atin; sinasabi sa bersikulo 22 na pinagkalooban ng Diyos si Kristo "na maging Ulo ng lahat ng bagay sa ekklesia"; ang pariralang *sa ekklesia* ay nagpapahiwatig ng isang paghahatid mula sa umakyat sa langit na Kristo tungo sa ekklesia, ang Kanyang Katawan:

1. Pinagkalooban ng Diyos ang umakyat sa langit na Kristo ng isang dakilang kaloob—ang pagka-ulo sa lahat ng bagay; ang ibinigay ng Diyos upang maging kung ano si Kristo ay para sa ekklesia; ito ay inihatid sa ekklesia, at ibinabahagi ito ng ekklesia.

2. Ipinakikita ng mga bersikulo 20 hanggang 22 na sinanhi ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan na gumawa kay Kristo sa apat na hakbang: una, pagbangon sa Kanya mula sa mga patay; ikalawa, pagpapaupo sa Kanya sa Kanyang kanang kamay sa sangkalangitan; ikatlo, pagpapailalim ng lahat ng bagay sa Kanyang mga paa; at ikaapat, pagkakaloob sa Kanya na maging Ulo ng lahat ng bagay sa ekklesia.

D. Sa Kanyang pag-akyat sa langit, si Kristo ay ginawang Ulo ng ekklesia, ang Kanyang Katawan, upang ihayag ang Diyos sa Kanyang kapuspusan—Col. 1:18; Efe. 1:23; 3:19:

1. Ang Ulo at ang Katawan ay iisa at bumubuo ng isang pansansinukob na tao; sa dibinong bagay na ito ay walang elemento ng lugar ni elemento ng panahon; ang Katawan ay kaisa ng Ulo sa dibinong buhay at sa dibinong Espiritu.
2. Ayon sa dibinong pananaw, tayo ay kaisa ng umakyat sa langit na Kristo, at ang Kanyang pag-akyat sa langit ay atin din (2:6); dito sa pag-akyat sa langit na ito ay inihahayag natin Siya sa Kanyang kapuspusan; yamang ang nangingibabaw na Kristo ay ang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos (Col. 2:9), ang Kanyang nangingibabaw na paghahatid ay kinapapalooban ng lahat ng mayamang pamamahagi ng Tres-unong Diyos upang gawin tayong kapuspusan ni Kristo para sa Kanyang kahayagan (Efe. 1:22-23; 3:19, 8).

E. Sa Kanyang pag-akyat sa langit, si Kristo ay ginawa ring Mataas na Saserdote sa kalangitan upang dalhin tayo sa presensiya ng Diyos at upang pangalagaan ang lahat ng ating pangangailangan; sa Kanyang pag-akyat sa langit ay pinasinayaan Siya tungo sa Kanyang makasaserdoteng katungkulan—Heb. 2:17-18; 4:14-15; Awit 110:1-4; Heb. 5:6; 7:26:

1. Sa isang panig, si Kristo ang Mataas na Saserdote na namamagitan sa kalangitan para sa mga ekklesia (bb. 25-26; Roma 8:34); sa kabilang panig, Siya ang Mataas na Saserdote na kumikilos sa mga ekklesia upang pangalagaan sila; sa Apocalipsis 1:13, si Kristo ay inilarawan bilang Mataas ng Saserdote, gaya ng ipinakita ng Kanyang kasuotan, isang kasuotang umaabot hanggang sa paa, yaon ay, isang makasaserdoteng balabal (Exo. 28:33-35).
2. Sa Apocalipsis 8, si Kristo ay inihayag bilang Saserdote na naghahandog ng insenso sa gintong altar: “Dumating ang Isa pang Anghel at tumayo sa harap ng altar, na may hawak na isang gintong insensaryo at maraming insenso ang ibinigay sa Kanya upang ihandog kasama ng mga panalangin ng lahat ng banal sa ibabaw ng gintong altar, na nasa harap ng trono” (b. 3).

## IV. Kailangan nating makita na tayo ay nasa pag-akyat sa langit ng Panginoon—Efe. 2:6:

A. Ang buong kapanahunan ng biyaya ay ang panahon ng pag-akyat sa langit ng Panginoon—1:20.

Mensahe Pito (pagpapatuloy)

B. Si Kristo ay hindi lamang nasa pag-akyat sa langit bagkus nasa atin din—Col. 1:27.

C. Si Kristo ay kumikilos pa rin sa Kanyang pag-akyat sa langit; Siya ay nabubuhay, nananahan, nananatili, naghahain, naglilingkod, gumagawa, at kumikilos sa Kanyang pag-akyat sa langit:

1. Siya ay nasa Kanyang pag-akyat sa langit sa loob natin; ito ang dahilan kung bakit sinasabi sa atin ni Pablo na tayo ay pinaupong magkakasamang kalakip ni Kristo sa Kanyang pag-akyat sa langit—Efe. 2:6.
2. Sa loob ng ating katauhan ay mayroong ekstraordinaryong persona—ang umakyat sa langit na Kristo—Col. 1:27; Efe. 2:6.
3. Ang Panginoon ngayon ay nasa ating espiritu sa Kanyang pag-akyat sa langit—2 Tim. 4:22a.
4. Sa pag-akyat sa langit na ito na kumikilos ang Tres-unong Diyos sa atin, at ang pagkilos na ito ay nagiging ating kasaysayan.
5. Si Kristo ang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos, at tayo ay bahagi ng pagsasakatawang ito sa Kanyang pag-akyat sa langit—Roma 8:10; 2 Cor. 13:5; Gal. 2:20; 4:19; Col. 2:9.
6. Sa tuwing nagtitipon-tipon tayo nang magkakasama tungo sa Kanyang pangalan, naroroon si Kristo kasama ang lahat ng Kanyang sangkap sa pag-akyat sa langit, at ito ang pagkilos ng Diyos sa loob ng tao—Mat. 18:20; Col. 3:1, 3-4; Efe. 1:20; 2:6.

*© 2023 Living Stream Ministry*